Washington State Department of Social & Health Services
DCS Division of Child Support

STATE OF WASHINGTON
DEPARTMENT OF SOCIAL AND HEALTH SERVICES
DIVISION OF CHILD SUPPORT (DCS)

Kahilingan para Repasuhin ang Kautusan sa Suporta sa Bata
Child Support Order Review Request

PARA KAY:

TUNGKOL SA:

NUMERO NG KASO:

PETSA:

Impormasyon ng Programa

Hiniling ninyo sa Division of Child Support (DCS) na baguhin (palitan) o ayusin ang kautusan sa suporta sa inyong anak. Mayroon kayong dalawang opsyon para matulungan kayong baguhin o ayusin ang inyong kautusan:

1. Magsampa ng aksyon sa hukuman para baguhin ang inyong kautusan. Maaari ninyo itong gawin nang sarili ninyo o sa pamamagitan ng isang abogado.
2. Hilingin sa DCS na repasuhin ang inyong kautusan.
   a. Hindi maaaring kumatawan ang DCS o magbigay ng legal na payo sa inyo o sa kabilang panig na nasa inyong kautusan.
   b. Rerepasuhin ng DCS ang inyong impormasyon.
      (1) Kung **hindi** natutugunan ng inyong kautusan ang pinakamababang pamantayan para sa isang pagrerepaso, wala nang karagdagang gagawin ang DCS.
      (2) Kung **ay** natutugunan ng inyong kautusan ang pinakamababang pamantayan para sa isang pagrerepaso, isasangguni ng DCS ang inyong kaso sa tanggapan ng isang Tagausig na Abogado o sa iba pang ahensiya ng suporta sa bata (kung kailangan) para sa pagbabago o pag-aayos. Ang mga pinakamababang kinakailangan ay:
         (a) Ang DCS ay mayroon dapat kasalukuyang impormasyon ng tirahan para sa parehong partido na nasa kautusan.
         (b) Ang estado ng Washington ay mayroong dapat hurisdiksyon sa parehong partido na nasa kautusan.
         (c) Hindi bababa sa tatlong taon ang nakalipas simula nang itinakda ang halaga ng suporta **o** maaari kayong magpakita ng isang malaking pagbabago sa mga pangyayari.
         (d) Ang kabuuang halaga ng suporta sa umiiral na kautusan ay dapat hindi bababa sa 25 porsiyentong mataas o mababa sa halagang tinukoy ng pinakabagong ***Iskedyul ng Estado ng Washington sa Suporta sa Bata (Washington State Child Support Schedule) at*** ang halaga ng diperensiya sa pagitan ng umiiral na halaga ng suporta at ang bagong halaga ay dapat hindi bababa sa $100.00 kada buwan.
         (e) Ang kabuuang halaga ng suporta sa natitirang buhay ng kautusan ay dapat magbago nang hindi bababa sa $2,400.00.

         TANDAAN: Ang hindi kasama sa huling dalawang pamantayang nakalista sa itaas ay kapag ang kautusan ay mayroong kinakailangan na magbigay ng pagsakop sa insurance sa kalusugan para sa mga bata.

Kung ang mga nakalistang bata sa kautusan ay nakakatanggap ng tulong mula sa pamahalaan o tulong pang-medikal, ilalapat ang mga espesyal na patakaran.

1. Awtomatikong rerepasuhin ng DCS ang inyong kautusan para sa pagbabago o pag-aayos tuwing 35 buwan.
2. Kung gusto ninyong baguhin o ayusin ang inyong kautusan nang hindi tumutulong ang DCS, dapat aprubahan ng alinman sa tanggapan ng Tagausig na Abogado o DCS ang mga tuntunin ng kautusan hinggil sa suporta sa bata na itinalaga sa estado ng Washington.

Kung gusto ninyong repasuhin ng DCS ang inyong kautusan, dapat ninyong kumpletuhin at ibalik ang pahina 2 at 3 ng form na ito. Tingnan ang mga instruksiyon sa pahina 2 para sa mga karagdagang kinakailangan.

Washington State Department of Social & Health Services
DCS Division of Child Support

STATE OF WASHINGTON
DEPARTMENT OF SOCIAL AND HEALTH SERVICES
DIVISION OF CHILD SUPPORT (DCS)

Kahilingan para Repasuhin ang Kautusan sa Suporta sa Bata
Child Support Order Review Request

PANGALAN NG HUMIHILING: NUMERO NG KASO:

Mga Instruksiyon

Kung gusto ninyong repasuhin ng DCS ang inyong kaso para sa posibleng pagbabago o pag-aayos, gamitin ang form na ito upang humiling ng pagrerepaso.

Bukod sa inyong pirma, isulat ang inyong mga pagtugon. Gumamit lamang ng itim o asul na tinta.

Pirmahan at ibalik ang lahat ng kinakailangang form sa address ng DCS na nakalista sa pahina 3. Kung kayo ay isang ahensiya sa suporta sa bata, dapat pirmahan ng isang awtorisadong kinatawan ang mga form.

Kumpletuhin at ibalik ang mga sumusunod na form:

1. **Pahina 2 at 3** ng form na ito.
2. ***Washington State Child Support Schedule Worksheets*** (kalakip). Kumpletuhin ang mga bahagi na para sa inyo at inyong sambahayan. Susubukan ng DCS na makuha ang pinansyal na impormasyon ng kabilang panig.
3. ***Financial Declaration*** (kalakip). Kumpletuhin lamang ang form na ito kung mayroon kayong isang **kautusan ng hukuman**.
4. ***Confidential Information*** form (kalakip). Kumpletuhin lamang ang form na ito kung mayroon kayong isang **kautusan ng hukuman**.
4. ***Addendum to Confidential Information*** form (kalakip) kung mayroon kayong mahigit sa dalawang anak. Kumpletuhin lamang ang form na ito kung mayroon kayong isang **kautusan ng hukuman**.

Ilakip ang mga sumusunod na dokumento. **Kung wala kayong mga dokumento, ilakip ang isang pahayag na nagpapaliwanag kung bakit.**

1. Mga kopya ng inyong huling dalawang pederal na income tax return.
2. Mga kopya ng inyong huling tatlong pay stub.

Maaaring ibahagi ng DCS o ng Tagausig na Abogado ang anumang ipapadala ninyong dokumento sa DCS sa kabilang panig na nasa inyong kautusan sa suporta at maaaring i-file ang mga dokumento sa isang file ng hukuman ng pamahalaan.

1. Ang kabilang panig na nasa inyong kautusan sa suporta ay mayroong karapatang makita ang inyong pinansyal na impormasyon.
2. Dapat ninyong alisin ang personal na impormasyon na kumikilala sa inyo (tirahan, petsa ng kapanganakan, numero ng social security) mula sa mga dokumento bago ninyo ipadala ang mga ito sa DCS.

Gusto kong repasuhin ng DCS ang aking kautusan sa suporta para sa pagbabago o pag-aayos dahil (lagyan ng tsek ang mga kahon sa ibaba na naaangkop sa inyong kaso):

1. ☐ Nagbago ang aking kita.
2. ☐ Nagbago ag kita ng isa pang magulang.
3. ☐ Ang hindi bababa sa isa sa mga bata sa aking kaso ay:
   a. ☐ Labindalawang taong gulang o mas matanda pa. Pagbabago ito mula sa kasalukuyang kautusan.
   b. ☐ Nakatira sa ibang bahay.
   c. ☐ Hindi pumapasok sa paaralan o nakatira sa bahay.
4. ☐ Ang isang kinakailangan sa insurance ng kalusugan ay kailangang idagdag sa aking kautusan.
5. ☐ Ako ay baldado/may kapansanan, nasa isang institusyon, o nakakulong.
6. ☐ Iba pa (magbigay ang mga detalye): _____

Nauunawaan at sumasang-ayon ako na:

1. Kung hindi ko ibibigay sa DCS ang lahat ng impormasyong kinakailangan, hindi rerepasuhin ng DCS ang kautusan.
2. Rerepasuhin lamang ng DCS ang aking kaso para sa pagbabago o pag-aayos ng mga probisyon hinggil sa suporta sa bata o insurance sa kalusugan para sa mga bata. Walang kapangyarihan ang DCS na repasuhin ang mga kautusan ng hukuman para sa mga pagbabago sa kustodiya, pagbisita, o iba pang mga problema.
3. Ginagamit ng DCS ang ibinibigay kong impormasyon upang magtatag, baguhin, o ipatupad ang suporta sa bata.
   a. Ibinabahagi ng DCS ang impormasyon sa iba pang mga ahensiya ng pamahalaan para lamang sa mga layuning ito.
   b. Ilalabas lamang ng DCS ang impormasyon ayon sa pinahihintulutan ng mga batas ng estado at pederal at mga regulasyon.
   c. Maaari kong hilingin sa DCS ang personal at kompidensyal na impormasyon ng isa pang magulang.
4. Pagkatapos repasuhin ang aking kahilingan, ipapadala ito ng DCS sa isang Tagausig na Abogado kung:
   a. Matatanggap ng DCS ang lahat ng form at impormasyon na hiniling sa pahina 3.
   b. Natutugunan ng aking kaso ang mga kinakailangan para sa pagbabago o pag-aayos.

   TANDAAN: Hindi maaaring bawiin ng DCS ang mga ipinadalang kahilingan sa isang Tagausig na Abogado.
5. Kung hindi natutugunan ng aking kautusan ang mga kinakailangan ng batas o pagrerepaso, maaaring magpasiya ang DCS o ang isang tagausig na abogado na huwag dalhin ang aking kautusan sa suporta sa hukuman para sa pagbabago o isang pag-aayos.
6. Kung magpapasiya ang isang tagausig na ipagpatuloy ang isang pagbabago o pag-aayos ng aking kautusan sa suporta, ang petsa ng pagsisimula ng anumang pagbabago ay maaaring maging anumang petsa mula sa petsa nang isinampa sa hukuman ang aksyon hanggang sa petsang pinirmahan ng hukom ang kautusan. Magpapasiya ang hukom sa petsa ng pagsisimula.
7. Ang binago o inayos na kautusan ko sa suporta ay maaaring magresulta sa isang mas mataas o mas mababang mga kabayaran ng suporta.
8. Mayroon akong karapatang mag-isang hilingin sa hukuman na baguhin o ayusin ang aking kautusan sa suporta.

PETSA	PIRMA NG MAGULANG
PETSA	PIRMA NG KINATAWAN NG MAGULANG
	NAKASULAT NA PANGALAN NG KINATAWAN NG MAGULANG

DIVISION OF CHILD SUPPORT
PO BOX 11520
TACOMA WA 98411-5520

Sa loob ng _____ matatawagang lugar _____

Sa labas ng _____ matatawagang lugar _____

Magagamit ang mga serbisyo ng TTY/TDD para sa may kapansanan sa pagsasalita o pandinig.

Puntahan ang aming web site sa: www.dshs.wa.gov/dcs

Walang tao, dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananalig, relihiyon, kasarian, edad, o kapansanan, ang didiskriminahin sa trabaho, mga serbisyo, o anumang aspeto ng mga gawain ng programa. Makukuha ang form na ito sa iba pang mga ayos sa paghiling nito.

For Child Support Agency Use Only (Gagamitin Lamang ng Ahensiya ng Suporta sa Bata)			
AGENCY REPRESENTATIVE'S SIGNATURE		DATE	
AGENCY P.O. BOX OR STREET ADDRESS	CITY	STATE	ZIP CODE